Filipino / Pilipino

# Ang inyong opisyal na gabay
## sa halalang pederal 2022
SABADO IKA-21 NG MAYO 2022

**SAPILITAN ANG PAGBOTO**

PARA SA LAHAT NG MAMAMAYANG AUSTRALYANO NA MAY EDAD 18 TAON AT MAHIGIT PA



## Makakatulong ang inyong boto sa paghubog ng Australya

# Mensahe mula sa
## Komisyonado ng Halalan (Electoral Commisioner)

Nagbuo ang AEC nitong gabay para matulungan kang magplano ng inyong pagboto sa halalang pederal na ito. Nagdedetalye ang gabay kung paano bumoto ng tama, kung anong mangyayari sa lugar ng botohan, mga madalas na itinatanong at mga pabatid kung paano matsi-tsek ang mga pinagmumulan ng impormasyon.

Magbubukas ang mga lugar ng botohan sa kabuuang bansa sa araw ng halalan, kabilang ang iba pang mga mapagpipiliang  paraan sa pagboto para suportahan ang mga komunidad na makapagpahayag ng kanilang sasabihin.

**Makapagtitiwala ka na:**

- Kami ay naghahatid ng isang proseso sa halalan na may **integridad**, babantayan ang inyong boto sa lahat ng hakbang ng proseso – mula sa pagprinta ng porma hanggang sa pagbilang ng mga balota.
- Isang prayoridad ang inyong **kalusugan at kaligtasan**, pati na ang aming mga kawani sa halalan, at hanay ng mga patakaran sa kaligtasan sa COVID-19 na aming itatalaga.

Ang matatag na palitan ng mga ideya ay isang bahagi ng pagkakampanya sa halalan, at hinihimok ko ikaw na maingat na pag-isipan ang lahat ng impormasyong iyong matatanggap, lalo na sa anumang mga pagtatanong sa ating maayos-na-nakatatag na proseso ng halalan. **Tanungin mo ang iyong sarili kung mula ba ito sa isang nakikilala at maaasahang pinagmulan.** Kung ang sagot ay hindi, ang aking suhestiyon ay maging maingat ka.

Bisitahin ang **aec.gov.au** para sa karagdagang impormasyon kung paano mo maipaparating ang gusto mong sabihin sa halalang ito.

**Tom Rogers**
Komisyonado ng Halalan
(Electoral Commissioner)

MAHIGIT NA 96%
nasa listahan ng botante

7,000+
na mga lugar ng botohan

500+
mga sentro ng maagang pagboboto

100,000+
na mga pansamantalang manggagawa ng halalan

# Huminto at pag-isipan
## Siyasatin ang pinagmulan ngayong pederal na halalan

Sa panahon ng halalan, may malaking dagsa ng impormasyon ang ikakalat na ang pakay ay maimpluwensyahan ang iyong boto.

Ito ay isang mahalagang bahagi ng demokratikong proseso. Nagbibigay ito sa mga kandidato, partido ng politika at mga iba pa ng paraan na maiparating ang kanilang mga patakaran at paniniwala sa mga botante.

Ngunit ang ilang impormasyon ay maaaring sinadyang ginawang mali at mapanlinlang.

Mahalagang maingat mong pag-isipan ang kung ano ang iyong nakikita, naririnig o nababasa tungkol sa halalang pederal.

Maglaan ng oras para pag-isipan kung ang impormasyon ay:

- nanggaling sa isang maaasahan at makikilalang pinagmulan
- napapanahon
- ligtas (hindi isang panloloko).

Ito ay bukod tanging mahalaga kung nasa sosyal media at kumpyuter (online).

Magtungo sa **aec.gov.au/stopandconsider** para sa karagdagang impormasyon at maikling mga video na may mga pabatid na nakakatulong.



# Araw ng halalan ay Sabado ika-21 ng Mayo 2022

## Bukas ang mga lugar ng botohan mula ika-8 ng umaga at magsasara iksakto sa ika-6 ng gabi.

Ginaganap ang halalang pederal para ang mga Australyano ay makapili ng mga miyembro ng parliyamento upang kumatawan sa kanilang mga opinyon at bagay ng kapakanan sa Mababang Kapulungan at Senado.

### Sino ang dapat bumoto?

Ang lahat ng mga mamamayang Australyano na edad 18 taon at mahigit pa ay kinakailangan na magpalista at bumoto sa mga halalang pederal.

### Saan ako makakaboto?

Makakaboto ka saan mang lugar ng botohan sa iyong estado o teritoryo sa araw ng halalan. Bukas ang mga lugar ng botohan mula ika-8 ng umaga hanggang ika-6 ng gabi.

Kalimitang ang mga lugar ng botohan ay nasa lokal na mga paaralan, simbahan at mga bulwagan ng komunidad o gusaling pampubliko. Para matagpuan ang inyong pinakamalapit na lugar ng botohan, bisitahin ang **aec.gov.au/where**

Kung mayroon kang kahirapan sa paggalaw o kapansanan, o nangangalaga ng isang may kapansanan, matse-tsek mo ang mga detalye kung may pang-access sa mga lugar ng botohan sa **aec.gov.au/where**

Para sa bulag o malabo ang paningin tungkol sa mga mapagpipilian sa pagboto, bisitahin ang **aec.gov.au/assistance** o tumawag sa **13 23 26.**

### Paano kung ako ay nasa ibang estado o teritoryo?

Kung ikaw ay nasa ibang estado sa araw ng halalan, makakaboto ka sa sentro ng nakatalagang lugar ng botohan ng ibang estado o piliing bumoto ng 'early voting' na magagawa sa mga sumusunod.

### Paano kung hindi ako makakaabot sa oras para bumoto sa araw ng halalan?

Kung hindi ka makakaabot sa oras para bumoto sa lugar ng halalan ng iyong estado o teritoryo, maaaring nararapat ka para bumoto nang maaga (early voting) nang personal o sa pamamagitan ng koreo.

#### Paano ang personal na pagboto nang maaga (early voting)

Kung ikaw ay nararapat, maaaring bumoto ka bago pa maghalalan. Bukas ang mga sentro para sa maagang pagboto (early voting) mula **Lunes ika-9 ng Mayo 2022**. Nag-iiba't-iba ang mga pagbubukas na araw at oras kaya bumisita sa **aec.gov.au/where** para ma-tsek ang mga detalye ng bawa't sentro.

Para sa karagdagang impormasyon ng maagang pagboto at mai-tsek kung ikaw ay nararapat, bumisita sa **aec.gov.au/early** o tumawag sa **13 23 26.**

#### Paano ang pagboto nang maaga (early voting) sa pamamagitan ng koreo

Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay magagawa ng mga nararapat na botante. I-tsek ang iyong pagiging nararapat at mag-aplay sa online sa **aec.gov.au/pva**

Kumpletohin ang iyong aplikasyon ng pagboto sa koreo para makarating ito sa AEC nang **hindi lalampas ng ika-6 ng hapon sa Miyerkules ika-18 ng Mayo 2022.**

Pakitawagan ang **13 23 26** kung wala kang magagamit na kompyuter (online access) at gusto mong mag-aplay para sa pagboto sa koreo.

### Anong rehiyon ng pagboboto ako napapabilang?


Mai-itsek mo kung anong dibisyon ang tinitirahan mo sa **aec.gov.au/electorate**

Kung nakatira ka sa **Western Australia** o **Victoria**, maaaring nagbago ang pangalan o mga hangganan ng inyong rehiyon ng pagboto mula noong nakaraang pederal na halalan na maaaring dahilan ng muling-paghahati (redistribution). Maaaring kailangan mong bumoto sa kakaibang rehiyon o ang dati mong lugar ng pagboboto ay maaari nasa kakaibang rehiyon.

### Kung sino ang iboboto ninyo ay sarili niyong disisyon

Sa labas ng lugar ng botohan, ang mga kinatawan ng kandidato ay maaaaring magbigay sa iyo ng mga kard na kung-paano-bumoto (how-to-vote card), na naghihikayat sa inyo na bumoto sa partikular na paraan. Hindi ninyo kailangang tanggapin o sundin ang mga kard na kung-paano-bumoto.

May iba ka pang tanong?
Magtungo sa **aec.gov.au/faqs**




# Paano mapapabilang ang inyong boto

Sa araw ng eleksyon, bibigyan ka ng dalawang papel na balota, isang maliit na kulay berde para sa Mababang Kapulungan (House of Representatives) at isang malaking kulay puti para sa Senado (Senate). **Dapat mong kumpletohin ang dalawang papel ng balota.** Sa kulay berdeng balota, bumoboto ka ng isang kinatawan sa Mababang Kapulungan para sa inyong lokal na lugar ng mga botante. Sa kulay puting balota, bumoboto ka ng mga kinatawan ng inyong estado o teritoryo para sa Senado.

## Ang Mababang Kapulungan

Sa kulay berdeng balota, **lagyan ng numero ang bawat kahon** sa pagkakasunod-sunod na pinili niyo.




Halimbawa ng isang balota

**Huwag mag-alala kung ikaw ay nagkamali.** Makakahingi ka ng panibagong papel ng balota at sulatan ito ulit.

## Senado


Sa kulay puting balota, dalawang paraan ang mapagpipilian niyo sa pagboto:

**ALINMAN**

### Sa itaas ng guhit

Kung boboto ka sa itaas ng guhit, kailangang **sulatan ninyo ng numero ang hindi bababa sa 6 na mga kahon.**

Isulat ang numero '1' sa kahon sa ibabaw ng partido o grupo na inyong unang pinili, at ang numerong '2' para sa pangalawang gusto niyo at tuloy-tuloy na pagnunumero hanggang sa hindi kukulangin ng 6 na mga kahon. Maaari ninyong ipagpatuloy ang pagsusulat sa mga sumusunod pang mga numero sa itaas ng guhit sa dami ng gusto niyo.





Halimbawa ng isang balota

**O KAYA**

### Sa ibaba ng guhit

Kung boboto kayo sa ibaba ng guhit, kailangang sulatan ninyo ng **numero ang hindi bababa sa 12 na mga kahon** magmula 1 hanggang 12, para sa mga indibidwal na kandidato ayon sa pagkakagusto ninyo. Maaari ninyong ipagpatuloy ang pagsusulat ng susunod pang mga numero ayon sa pagkakagusto ninyo sa ibaba ng guhit sa dami ng gusto niyo.




Halimbawa ng isang balota

Alam niyo ba na maaari kang mag-praktis para bumoto sa website ng AEC?
Magtungo sa **aec.gov.au/practise**

# Ano ang magagawa mo para magplano bago ka bumoto

BE COVIDSAFE

Makakagawa ka ng mga hakbang para panatiliing ligtas ka at ang iba pa habang bumoboto.

- **May mga sintomas na parang COVID-19? Salamat sa hindi pagpunta sa lugar ng botohan.**
- Kung maysakit ka, maaaring nararapat kang mag-aplay na bumoto sa koreo. Makakapag-aplay ka sa online sa **aec.gov.au/pva** hanggang **ika-6 ng gabi Miyerkules ika-18 ng Mayo 2022.**
- Manaliksik ka sa mga kandidato at mga pinipilian bago magpunta sa pagboto. Ang mga listahan ng kandidato ay nasa **aec.gov.au/election/candidates.htm**
- Hangga't maaari, ang taong boboto lang ang dapat na dumalo sa lugar ng botohan.
- Iwasan ang pagsososyalan at pagpapalipas ng oras sa lugar ng botohan

Bisitahin ang **aec.gov.au/covid-safety** para sa pinakabagong update at payo

# Ano ang mangyayari sa lugar ng botohan?

## Mga hakbang sa pagboto

1. Hihingan ka ng opisyal sa botohan ng iyong buong pangalan at tirahan at kung bumoto ka na noon sa ganitong eleksyon. Mamarkahan nila ang iyong pangalan ng paguhit sa listahan ng mga botante.
2. Bibigyan ka ng iyong papel ng balota.
3. Sa kwarto ng pagboto, maingat niyong basahin ang mga tagubilin na nasa inyong mga papel ng balota o humingi ng tulong sa isang opisyal ng botohan.
4. Kumpletohin ang inyong mga papel ng balota.
5. Tupiin ang mga papel ng balota at ipasok sa mga kahon ng balota.

## Nakatalaga ang mga ligtas na patakaran laban sa COVID-19

- Magkakaroon ng limitasyon kung ilang mga botante ang papayagang nasa loob ng lugar ng botohan alinmang oras. Maaaring papilahin ka sa labas.
- Magpanatili ng agwat na 1.5 metro sa ibang tao sa labas man o sa loob, at sa lugar ng botohan, sundin ang mga marka sa sahig bilang gabay.
- Magtsek-in gamit ang QR code o magsusulat sa papel.
- Sumunod sa mga ipinag-uutos tungkol sa pagmamaskara sa inyong lugar.
- Gamitin ang nakalaang pang-hand sanitiser.
- Ang mga kwarto ng pagboto at lapis ay regular na lilinisin. Magdala ng sarili mong bolpen o lapis kung gugustuhin mo, ngunit huwag mong iiwan.




**Tumayo nang may 1.5 metro na agwat sa ibang tao**



**Manatili sa bahay kung ikaw ay may anumang sintomas ng COVID-19**



**Magtakip ng bibig sa iyong mga pag-ubo o pagbahin**



**I-tsek ang ipinag-uutos ng lugar tungkol sa pagsusuot ng maskara**



**Gamitin ang nakalaang pang-hand sanitiser**

**Mahalagang sumunod sa mga gabay sa kalusugan laban sa COVID-19 na ipinasusunod ng lokal na pamahalaang estado o teritoryo. Makukuha ang mga ugnay sa mga gabay na ito sa aec.gov.au/covid-safety**

**Ang impormasyon sa gabay na ito ay naglalarawan ng mga kalagayan noong panahon ng pag-iimprinta nito. Patuloy na susundin ng AEC ang payo ng mga awtoridad sa kalusugan ng pederal at estado, at anumang mga pagbabago ng pamamaraan ay magiging nasa aming website.**

# **Ang inyong opisyal na gabay** sa halalang pederal 2022

## SABADO IKA-21 NG MAYO 2022

# **Mga kapalit na bersyon** tungkol sa gabay na ito

### Impormasyon na nasa makukuhang mga pormat

Maii-download mo ang mga kapalit na pormat ng gabay na ito kagaya ng nasa audio at malalaking letrang printa mula sa **aec.gov.au/assistance**

Makakakuha rin ng Braille (para sa bulag) kung hihilingin sa pamamagitan ng pagtawag sa **13 23 26.**

Kung ikaw ay bingi o may kapansanan sa pandinig o pagsasalita, kontakin kami sa pamamagitan ng National Relay Service (NRS):

- sa mga gumagamit ng TTY tawagan ang **13 36 77** at bigkasin ang **13 23 26**.
- sa mga gumagamit ng Speak and Listen, tawagan ang **1300 555 727** at bigkasin ang **13 23 26**.
- sa mga gumagamit ng Internet relay, kumonekta sa NRS pagkatapos ay hingin ang **13 23 26.**
- Makakakuha rin ng mga serbisyo sa pag-iintrerprete sa Auslan. Bisitahin ang website ng AEC para sa karagdagan

### Impormasyon sa ibang mga wika

**Ang mga bersyong isinalinwika tungkol sa gabay na ito sa 33 mga wika ay maii-download mula sa aec.gov.au/translated**

Makakakuha rin ng mga serbisyo sa pag-iinterprete sa telepono. Para sa impormasyon tungkol sa pagboto at mga halalan, tumawag sa **1300 720 153** at hilingin ang inyong wika.




Ang pagboto ay sapilitan para sa mga mamamayang Australyano na may edad 18 taon at mahigit pa. Kung hindi ka boboto, maaari kang makasuhan. Kung bumoto ka ng sobra sa isang beses, ito ay pagkakasalang kriminal.



Pinahintulutan ng Komisyonado sa Halalan (Electoral Commisioner), 10 Mort Street, Canberra.
Authorised by the Electoral Commissioner, 10 Mort Street, Canberra.